

SAMAHAN KAMI SA SUSUNOD NA PAGPUPULONG NG TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO MGA DISTRITO 7 & 11 LUNES, MARSO 21, 2022, 5:30 P.M.

Remote na Pagpupulong - Linyang Matatawagan ng Publiko 415-655-0001 - Meeting ID 2482 061 5666 Pindutin ang # nang dalawang beses, at *3 upang makasama sa pila para sa Pagkomento ng Publiko.

Makakukuha ng Serbisyo sa Pagsasalin ng Wika kung hihilingin nang humigit-kumulang 48 oras bago ganapin ang pulong. Mangyaring makipag-ugnayan sa Opisina ng Klerk ng Lupon sa **415-554-5184** para sa karagdagang impormasyon.

Bawat sampung taon, iginuguhit muli ang mga hangganan ng Superbisoryal na mga Distrito ng San Francisco upang matiyak na ang bawat distrito ay may pantay na bilang ng mga residente. Hinihikayat ang mga miyembro ng publiko na lumahok sa proseso ng muling pagdidistrito.

Bakit Mahalaga ang Muling Pagdidistrito?

Direktang naapektuhan ng muling pagdidistrito ang aksesibilidad at kakayahan ng mga komunidad na ipahayag ang kanilang mga hangarin, mithiin, at layunin. Tinutulungang matiyak ng prosesong ito na mapanatiling buo at may makabuluhang representasyon ang Tinututukang mga Komunidad.

PAANO MAKILAHOK

- » **Dumalo** sa nalalapit na pagpupulong ng Task Force sa pamamagitan ng remote Webex o nang personal** sa **City Hall, 1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, Room 416**. Malugod na inaanyayahan ang lahat ng residente ng San Francisco na magbigay ng komento at magsumite ng mga mungkahing mapa. Makikita ang iskedyul ng mga pulong at ang kagamitan sa pagmamapa sa website ng RDTF sfelections.org/rdtf
- » **Magsumite ng mga komento** sa pamamagitan ng pag-email sa rdtf@sfgov.org
- » **Mag-sign up** sa email list para makatanggap ng mga update sa sfelections.org/rdtf
- » **Sundan** ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa Facebook at Twitter: [@RedistrictSF](https://www.facebook.com/RedistrictSF)

Kinakailangan magsuot ng mask o pantakip sa mukha sa loob ng City Hall sa lahat ng oras, anuman ang katayuan ng inyong pagbabakuna. Kung dadalo sa personal, **mangyaring tiyakin na magdala ng mask!